




Housing Authority of the City of Los Angeles Waiting List ng Section 8

Paano Mag-apply sa Palabunutan

Mag-apply online sa **HACLA.HCVLIST.ORG** kahit kailan simula sa
Lunes, Oktubre 17 • 6:00 ng umaga hanggang Linggo, Oktubre 30 • 5:00 ng hapon PDT



Dapat isumite ang mga aplikasyon nang online sa pamamagitan ng smartphone, tablet, o computer. Hindi magbibigay o tatanggap ng mga aplikasyon nang in person o sa pamamagitan ng email, mail, o fax. Kung Kailangan ninyo ng libreng internet, pumunta lamang kayo kahit saang Los Angeles Public Library.

Para Mag-apply sa Palabunutan, Kailangan Ninyo ng:

- Valid na email address at numero ng telepono kung saan kayo makokontak
- Buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at numero ng Social Security/numero ng Alien Registration (kung mayroon kayo nito) para sa Ulo ng Sambahayan at kanyang Asawa/Kasamang Ulo (kung naaangkop)
- Kasalukuyang address ng tirahan (kung mayroon kayo nito) at mailing address
- Pinagsama-samang taunang kinita para sa lahat ng taong titira sa sambahayan
- Ballpen at papel para maisulat ang numero ng kumpirmasyon ng aplikasyon ninyo (opsyonal)

Kailangan ba Ninyo ng Tulong?

Ang Waiting List Hotline ng HACLA ay bukas mula 7:00 ng umaga – 6:00 ng hapon araw-araw sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon. Masasagot ng staff ang mga tanong tungkol sa waiting list o makakapagbigay sila ng tulong dahil sa kapansanan, mga serbisyo sa pagsasalín ng wika, o komunikasyon sa alternatibong format. Tumawag sa 213-523-SEC8 (7328) • Toll-free 877-621-SEC8 (7328) • TTY 7-1-1

Dagdag pa rito, nakipagtulungan ang HACLA sa ilang organisasyong nakabase sa komunidad at mga ambassador na makakatulong sa mga aplikante na sagutan ang online na aplikasyon at/o mag-set up ng email account.

Para sa mapa ng mga lokasyon ng in-person na tulong, bisitahin ang **HACLA.HCVLIST.ORG** at i-click ang **HELP** menu.

Paalala: LIBRE ang mag-apply sa palabunutan para sa Waiting List ng Section 8 ng HACLA — walang manghihingi ng bayad sa aplikante para makapag-apply. Kapag natapos na ang panahon ng aplikasyon, magsasagawa ang HACLA ng random na palabunutan at maglalagay ito ng 30,000 aplikante sa waiting list. Kapag nag-apply sa palabunutan, hindi garantisado na makakasama sa waiting list, at hindi lalaki ang tsansang mapili sa palabunutan kahit na mag-apply nang maaga. Para ligtas na makapag-report ng panloloko o maling gawain, bisitahin ang **HACLA.HCVLIST.ORG**.






Housing Authority of the City of Los Angeles

Waiting List ng Section 8

Paano Mag-apply sa Palabunutan

Mag-apply online sa **HACLA.HCVLIST.ORG** kahit kailan simula sa
Lunes, Oktubre 17 • 6:00 ng umaga hanggang Linggo, Oktubre 30 • 5:00 ng hapon PDT



Dapat isumite ang mga aplikasyon nang online sa pamamagitan ng smartphone, tablet, o computer. Hindi magbibigay o tatanggap ng mga aplikasyon nang in person o sa pamamagitan ng email, mail, o fax. Kung Kailangan ninyo ng libreng internet, pumunta lamang kayo kahit saang Los Angeles Public Library.

Para Mag-apply sa Palabunutan, Kailangan Ninyo ng:

- Valid na email address at numero ng telepono kung saan kayo makokontak
- Buong pangalan, petsa ng kapanganakan, at numero ng Social Security/numero ng Alien Registration (kung mayroon kayo nito) para sa Ulo ng Sambahayan at kanyang Asawa/Kasamang Ulo (kung naaangkop)
- Kasalukuyang address ng tirahan (kung mayroon kayo nito) at mailing address
- Pinagsama-samang taunang kinita para sa lahat ng taong titira sa sambahayan
- Ballpen at papel para maisulat ang numero ng kumpirmasyon ng aplikasyon ninyo (opsyonal)

Kailangan ba Ninyo ng Tulong?

Ang Waiting List Hotline ng HACLA ay bukas mula 7:00 ng umaga – 6:00 ng hapon araw-araw sa loob ng dalawang linggong panahon ng aplikasyon. Masasagot ng staff ang mga tanong tungkol sa waiting list o makakapagbigay sila ng tulong dahil sa kapansanan, mga serbisyo sa pagsasalin ng wika, o komunikasyon sa alternatibong format. Tumawag sa 213-523-SEC8 (7328) • Toll-free 877-621-SEC8 (7328) • TTY 7-1-1

Dagdag pa rito, nakipagtulungan ang HACLA sa ilang organisasyong nakabase sa komunidad at mga ambassador na makakatulong sa mga aplikante na sagutan ang online na aplikasyon at/o mag-set up ng email account.

Para sa mapa ng mga lokasyon ng in-person na tulong, bisitahin ang **HACLA.HCVLIST.ORG** at i-click ang **HELP** menu.

Paalala: LIBRE ang mag-apply sa palabunutan para sa Waiting List ng Section 8 ng HACLA — walang manghihingi ng bayad sa aplikante para makapag-apply. Kapag natapos na ang panahon ng aplikasyon, magsasagawa ang HACLA ng random na palabunutan at maglalagay ito ng 30,000 aplikante sa waiting list. Kapag nag-apply sa palabunutan, hindi garantisado na makakasama sa waiting list, at hindi lalaki ang tsansang mapili sa palabunutan kahit na mag-apply nang maaga. Para ligtas na makapag-report ng panloloko o maling gawain, bisitahin ang **HACLA.HCVLIST.ORG**.

